

## Ano ang Gumagana at Ano ang Hindi Gumagana: Mga Gamot

---

Ang gawaing ito na nakasentro sa tao ay puwedeng gamitin para sanayin ang tauhan kung paano lulutasin ang mga hindi pagkakasundo na maaaring bumangon habang sinusuportahan ang isang indibidwal para ligtas na mainom ang kanilang gamot. Puwede rin itong ipamahagi sa Direct Support Professionals (DSPs) para subukan ang gawain sa indibidwal na sinusuportahan nila.

### Panimula:


- Bawat tao ay may pangmalas o pananaw.
- Makakatulong sa iyo ang pag-alam sa pananaw ng indibidwal para matugunan ang anumang alalahanin na babangon, lalo na kapag panahon na para tulungan sila sa pag-inom ng mga gamot.
- Tulad ng alam mo, maaaring may hindi kaaya-ayang katangian ang ilang gamot, tulad ng:
  - Paghina ng panlasa
  - Malaking sukat (mga pills o tabletas)
  - May kasamang hindi kaaya-ayang pakiramdam sa panahong iniinom ito
- May mga indibidwal na lalo nang mas atubili o tumatangging uminom ng mga ganitong uri ng gamot.
- Sa pagkumpleto ng **Ano ang Gumagana at Ano ang Hindi Gumagana** na tool sa isang indibidwal, puwedeng maging malinaw kung saan ka makakahanap ng potensyal na mga solusyon.



### Tool na "Ano ang Gumagana at Ano ang Hindi Gumagana":

Narito ang isang tool na tutukoy **kung ano ang gumagana at ano ang hindi gumagana** para sa iyo (ang Direct Support Professional), ang indibidwal na siniserbisyuhan mo, ang pangkat ng indibidwal, at pamilya ng indibidwal. Puwedeng gamitin ang tool na ito bilang bahagi ng pagsusuri na nakasentro sa tao o gamitin nang hiwalay.

	Ano ang Gumagana	Ano ang Hindi Gumagana
<b>Ang Indibidwal na Sinusuportahan Mo</b>	Kadalasan Nauugnay sa kung Ano ang Mahalaga SA Indibidwal	
<b>Ikaw (Ang Direct Support Professional)</b>	Kadalasan Nauugnay sa kung Ano ang Mahalaga SA Indibidwal	




Ang simpleng tool na ito ay parang isang listahan ng "Pros at Cons" pero may kasama itong pananaw ng higit sa isang tao. Ang tool na **Ano ang Gumagana at Ano ang Hindi Gumagana** na magagamit para masuri ang mga pananaw ng higit sa isang tao tungkol sa isang sitwasyon. Panghuli, makakatulong ang tool na ito na matukoy kung ano ang mahalaga sa isang indibidwal at kung nadarama ba nilang sinusuportahan sila sa paraang gusto nila.

### Narito ang isang Kuwento tungkol sa Pangangasiwa ng Gamot:

Si Alice ay may kapansanan sa pag-iisip. Si Bob ang direct support professional (DSP) na gumagawa araw-araw para kay Alice.

Kailangan ni Alice uminom ng gamot araw-araw. Ito ay iniresetang gamot sa anyong pildoras (tableta). Tinulungan ni Bob si Alice sa pag-inom ng kanyang gamot. Alam ni Bob na ang pagtulong kay Alice sa pag-inom ng mga gamot nito araw-araw ay isang napakahalagang bahagi ng kanyang trabaho. Nauunawaan niya kung gaano ang kinakailangan para sa mabuting kalusugan ni Alice na mainom niya ang kanyang mga gamot sa tamang panahon tuwing umaga at gabi.



Sa umaga, Naiinom ni Alice ang kanyang gamot sa tamang oras. Iniinom niya ang kanyang pildoras pagkatapos na pagkatapos mag-agahan at ginagawa niya ito sa loob na ng isang taon.

Nitong huli, nagalit nang husto si Alice noong minsang ipinaalala sa kanya na inumin ang kanyang mga gamot sa gabi. Ang kanyang paboritong palabas sa TV ay kasalukuyan niyang pinapanood sa oras na iyon. Sinasabi ngayon ni Alice na masyadong malaki ang pildoras at

## Gawain na Nakasentro sa Tao

nahihirapan siyang lunukin ito. Nagsimula na si Alice na atubiling inumin ang kanyang gamot o tinatanggihan na talaga niyang inumin ang kanyang gamot.

***Hindi alam ni Bob kung ano ang gagawin dahil kailangang uminom ni Alice ng gamot sa oras araw-araw.***

Ano ang puwedeng gawin?

### Mga Tanong na Itatanong sa Sarili:

1. Sa ganitong sitwasyon, ano ang gagana kay Alice?
2. Ano ang hindi gagana kay Alice?
3. Sa ganitong sitwasyon, ano ang gagana kay Bob ang PSP?
4. Ano ang hindi gagana kay Bob?
5. Ano ang kailang hindi magbago?
6. Ano ang kailangang baguhin?



Subukan Nating Punan ang Tool sa Ano ang Gumagana o Hindi Gumagana para kay Alice at Bob...

	Ano ang Gumagana	Ano ang Hindi Gumagana
Alice		
Bob ang DSP		

### Negosasyon:

Kapag may hindi pagkakasundo, ang mga DSP ay maaaring makipag-ayos ng sa mga indibidwal. Ang maingat na pakikipag-ayos ay makakatulong sa paghanap ng mga solusyon.

Subukang sundin ang mga pangunahing prinsipyong ito upang magkaroon ng matagumpay na negosasyon.

### Mga Pangunahing Prinsipyo ng Negosasyong Nakasentro sa Tao:

- Bawat tao ay dapat makadama na sila ay pinakikinggan, para sa gayon ay maintindihan ng bawat tao ang pananaw ng iba.
  - Sa oras na madama ng sinuman na pinakikinggan sila, mas nagiging madali na ang usapan.
- Dapat magsimula ang negosasyon sa "parehong pinagkakasunduan."
  - Humanap ng "ano ang hindi gumagana" para bawat isa, o "ano ang hindi gumagana" para sa bawat isa.
- Dapat na manatiling neutral ang mga negosasyon at walang pasubaling nakakatulong.
  - Dapat mo itong pagsikapan; hindi ito madali.
- Dapat gawin ang negosasyon na may pagtutulongan.



### Potensyal na Solusyon:

Subukang makipagpalitan ng ideya sa indibidwal na sinusuportahan mo kung ano ang puwedeng gawin. Narito ang ilang halimbawa ng mga solusyon:

1. Makipag-usap sa doktor tungkol sa paghati ng tableta sa kalahati (maaaring masyado nang malaki para kay Alice ang paglunok ng pildoras).
2. Makipag-usap sa doktor tungkol sa kung ang gamot ay maaaring durugin at ihalo sa mga pagkaing tulad ng applesauce.
3. Tanungin ang doktor kung ang tableta ay maaaring inumin nang mas maaga o mas atrasadong oras sa gabi.
4. Tingnan kung ang palabas sa TV ni Alice ay nasa isang alternatibong oras.

## Higit pang mga Mapagkukunan:

- Michael Smull for Helen Sanderson Associates:  
<https://www.youtube.com/watch?v=M190htHcvok>
- Michael Smull and Mary Lou Bourne (Reinventing Quality):  
<http://www.reinventingquality.org/docs/MSmull10.pdf>
- Isa pang tool template na “Ano ang Gumagana, Ano ang Hindi Gumagana”:  
[https://www.tn.gov/content/dam/tn/didd/documents/providers/forms-tools/person-centered-thinking-tools/Whats\\_Working-Whats\\_Not\\_Working.pdf](https://www.tn.gov/content/dam/tn/didd/documents/providers/forms-tools/person-centered-thinking-tools/Whats_Working-Whats_Not_Working.pdf)

